REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE – MARIKINA CITY
Shoe Ave., Sta. Elena, Marikina City
+63 (02) 682-2472 / 682-3989 (CID) / 369-9046(SGOD)
https://depedmarikina.ph / (email) sdo.marikina@deped.gov.ph

July 23, 2018

**MEMORANDUM TO:**

DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RELEASED
JUL 24 2018
RECORDS UNIT
10am

Chief Education Supervisors, CID and SGOD
Secondary School Principals
Officers-in-Charge
Public and Private Schools

**TIMPALAK SA PAGSULAT AT PAGBIGKAS**
**OF THE ROTARY CLUB OF MARIKINA**

Attached is a letter from Ms. Marie Grace M. Devett, Tagapangulo ng Lupon, District 3800 Rotary Club of Marikina dated July 18, 2018 re: **"Timpalak sa Pagsulat at Pagbigkas"** on August 2018, content of which is self-explanatory, for information.

Participation of both public and private school shall be subject to the no-disruption of classes policy stipulated in DepEd Order No. 9, s. 2005 entitled "*Instituting Measures to Increase Engaged Time-On-Task*".

Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

For:

**SHERYLL T. GAYOLA**
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

By:

**ELISA O. CERVEZA**
Chief Education Supervisor, CID
OIC-Office of the Schools Division Superintendent

District 3800
Rotary
Club of Marikina

BE THE INSPIRATION

Meets every Thursday at 7:00 p.m. at the
Marikina Rotary Youth Center, Sumulong Highway corner Shoe Avenue, Marikina City, Philippines

OFFICERS (2018-2019)

JOEL V. RELLEVE
President

ROMAN B. VILLAVE
President-Elect/Secretary

JEROME D. JOSEF
Vice President

MANUEL F. PECHO
Treasurer

DIRECTORS (2018-2018):

ERWIN CARLO C. CULANGEN
REYNALDO P. MONTOYA
JOSE T. ONG
JOSE C. RAMOS II
ROGEL V. SANTIAGO

JOSEFINO F. CRUZ
Immediate Past President

MARIE GRACE M. DEVETT
Auditor

VICTOR B. SY
P.R.O.

JOHN BARDO S. ESPIRITU
VON ISAAC M. ROMERO
Sergeant-At-Arms

PP WILFREDO E. REYES
Chief of Staff

PDG EFREN O. DE GUZMAN
PDG VIRGILIO G. FARCON JR.
PP JOSE FABIAN I. CADIZ
Advisers

Ika-18 ng Hulyo 2018

1831844
DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RECEIVED
18 JUL 2018
RECORDS UNIT
9:51

**Ms. Sheryll T. Gayola**
OIC-Schools Division Superintendent
Department of Education
Marikina City

Mahal na Bb. Sheryll,

Ang Samahang Rotaryo ng Marikina ay muling maglulunsad ng "Timpalak sa Pagsulat at Pagbigkas" sa buwan ng Agosto 2018 na lalahukan ng mga piling mag-aaral sa mataas na paaralang nasasakupan ng Lungsod ng Marikina.

Ang bawat paaralan ay hihilingan na pumili ng isang mag-aaral na may tanging kaalaman sa wikang Pambansa at maipamamalas ang kanyang kakayahan sa timpalak na ito na gaganapin sa mga sumusunod na takdang araw at lugar:

| | | |
|---|---|---|
| Ika – 10 ng Agosto<br>Biyernes (1:00 PM) | - | PAGSULAT (Unang Bahagi)<br>Marikina Rotary Youth Center<br>Sumulong H-way, Sto. Niño, Marikina City |
| Ika – 24 ng Agosto<br>Biyernes (1:00 PM) | - | PAGBIGKAS (Pangalawang Bahagi)<br>San Lorenzo Ruiz de Manila School of Marikina City |

Kalakip po nito ang sulat, sipi ng alituntunin at patakaran ng timpalak. Aasahan po naming maging kabahagi sa proyektong ito para sa ikabubuti ng mga mag-aaral.

Maraming Salamat po.

Lubos na Gumagalang,

Marie Grace M. Devett
Tagapangulo ng Lupon

Sumasang-ayon,

Joel V. Relleve, MD
Pangulo

District 3800
# Rotary Club of Marikina

BE THE INSPIRATION

Meets every Thursday at 7:00 p.m at the
Marikina Rotary Youth Center, Sumulong Highway corne rShoe Avenue, Marikina City, Philippines


OFFICERS (2018-2019):

JOEL V. RELLEVE
President

ROMAN B. VILLAME
President-Elect/Secretary

JEROME D. JOSEF
Vice President

MANUEL F. PECHO
Treasurer

DIRECTORS (2018-2019):

ERWIN CARLO C. CULANGEN
REYNALDO P. MONTOYA
JOSE T. ONG
JOSE C. RAMOS II
ROGEL V. SANTIAGO

JOSEFINO F. CRUZ
Immediate Past President

MARIE GRACE M. DEVETT
Auditor

VICTOR B. SY
P.R.O.

JOHN BARDO S. ESPIRITU
VON ISAAC M. ROMERO
Sergeant-At-Arms

PP WILFREDO E. REYES
Chief of Staff

PDG EFREN O. DE GUZMAN
PDG VIRGILIO G. FARCON JR.
PP JOSE FABIAN I. CADIZ
Advisers


Ika-17 ng Hulyo 2018

High School Principal/Directress

Mahal na Ginoo/Ginang:

Ang Samahang Rotaryo ng Marikina ay muling maglulunsad ng "Timpalak sa Pagsulat at Pagbigkas" sa buwan ng Agosto 2018 na lalahukan ng mga piling mag-aaral sa mataas na paaralang nasasakupan ng Lungsod ng Marikina.

Ang bawat paaralan ay hihilingan na pumili ng isang mag-aaral na may tanging kaalaman sa wikang Pambansa at maipamamalas ang kanyang kakayahan sa timpalak na ito na gaganapin sa maga sumusunod na takdang araw at lugar:

| | | |
|---|---|---|
| Ika – 10 ng Agosto<br>Biyernes (1:00 PM) | - | PAGSULAT (Unang Bahagi)<br>Marikina Rotary Youth Center<br>Sumulong H-way, Sto. Niño, Marikina City |
| Ika – 24 ng Agosto<br>Biyernes (1:00 PM) | - | PAGBIGKAS (Pangalawang Bahagi)<br>San Lorenzo Ruiz de Manila School of Marikina City |

Kalakip po nito ang sulat, sipi ng alituntunin at patakaran ng timpalak.

Aasahan po namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Lubos na Gumagalang,

Marie Grace M. Devett
Tagapangulo ng Lupon

Sumasang-ayon,

Joel V. Relleve, MD
Pangulo

**BUWAN NG WIKA : TIMPALAK SA PAGSULAT AT PAGBIGKAS 2018**

**MGA ALITUNTUNIN AT PATAKARAN**

1. Ang timpalak ay bukas sa lahat ng mag-aaral sa antas Sekundarya, limitado sa mag-aaral na nasa antas ika-labindalawa (Grade 12), mula pambubliko o pribadong paaralan sa Lungsod ng Marikina.

2. Ang bawat kalahok ay kinakailangang may katibayan na nagpapatunay na siya ay kasalukuyang nag-aaral sa nasabing paaralan, na may lagda ng Punong Guro o pinunong kasalukuyang namamahala sa paaralan (officer-in-charge).

3. Ang katibayan sa paglahok, kalakip ang katibayan bilang mag-aaral ay dapat na maipadala sa tanggapan ng Samahan ng Rotaryo ng Marikina bago sumapit ang **ika-3 ng Agosto 2018.**

4. Ang tema o paksa sa pagsulat ng sanaysay ay ibibigay sa mga kalahok sa oras ng timpalak. Ito ay para sa unang bahagi ng paligsahan sa **ika-10 ng Agosto 2018**, ala-una ng hapon.

Ang Timpalak sa pagsulat ay isasagawa ng may animnapong minuto (60 minutes) lamang na dalawang daan limampu (250) salita hanggang limangdaan (500) salita ang sukdol na dami.

5. Bilang o titik ng alpabeto ang gagamiting pananda ng bawat kalahok. Ito ang isusulat ng bawat isa sa papel sagutan na ipagkakaloob ng Lupon ng Inampalan sa oras ng timpalak.

6. Lalagdaan ng Lupon ng Inampalan ang natapos na sanaysay ng mga kalahok. Bibigyan ng Lupon ang kalahok ng isang sipi ng kanyang lahok na sanaysay sa araw na iyon upang magamit niya ito sa paghahanda sa ikalawang bahagi ng tunggalian, ang Talumpatian sa ika-24 ng Agosto, 2018, ala-una ng hapon.

7. Ang mga sanaysay na maisusulat ng mga kalahok ay magiging pag-aari ng Rotary Club of Marikina, District 3800 na may karapatang gumamit sa ano mang paraan. Ang pagpapalimbag o paglalathala ng wala nitong pahintulot sa Pamunuan ng RC Marikina ay mahigpit na ipinagbabawal.

8. Ang ikalawang bahagi sa patimpalak ay ang Talumpatian. Ito ay gaganapin sa ika-24 ng Agosto taong 2018 sa Marikina Rotary Youth Center. Dito bibigkasin ng bawat kalahok ang piyesang isinulat nila noong Agosto 10, 2018.

9. Ang pagpili sa mga magwawagi sa paligsahan ay ibabatay sa sumusunod na pamantayan:

10.1 Pamantayan sa Pagsulat

| | |
|---|---|
| A. Nilalaman | 50% |
| B. Paglalahad | 40% |
| K. Sangkap at mekaniks | 10% |
| **KABUUAN** | **100%** |

10.2 Pamantayan sa Pagbigkas/Talumpatian

| | | |
|---|---|---|
| A. Pagpapalutang ng Diwa | | 60% |
| • Pagbigkas | 30% | |
| • Pagbibigay diin | 30% | |
| **B. Tindig at Tikas sa Entablado** | | 30% |
| • Tiwala sa sarili | 20% | |
| • Kilos/galaw | 10% | |
| K. Hikayat sa Manonood | | 10% |
| • Kaangkupan ng pananamit/tinig | 5% | |
| • Pahiwatig/Bakas ng mukha, ngiti atbp | 5% | |
| **KABUUAN** | | **100%** |

10.3 Pangkalahatang Puntos

| | | |
|---|---|---|
| A. Pagsulat ng Sanaysay | 100% --→ **50%** | **100%** |
| B. Talumpati/Pagbigkas | 100%--: **50%** | |

10. Ang magiging hatol ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na maaring mabago. Ano mang di-pagsang-ayon sa hatol o kaugnay na suliraning malilikha ng timpalak na ito ay ipauubaya sa ilalim ng kapangyarihan ng mga kasapi ng Lupong nabanggit.

11. Mga Gantimpala

| | | |
|---|---|---|
| 12.1 | Unang Gantimpala | P2,500.00 at katibayan ng Pagkilala |
| | Ikalawang Gantimpala | P1,500.00 at katibayan ng Pagkilala |
| | Ikatlong Gantimpala | P1,000.00 at katibayan ng Pagkilala |

12.2 **Ang lahat ng kalahok sa paligsahan ay pagkakalooban ng Katibayan ng Pagpapahalaga at ang magwawagi ay ipapadala sa pang nasyonal na timpalak ng ating katulong sa patimpalak na ito, ang Innerwheel club of Marikina.**

**ROTARY CLUB OF MARIKINA**
Marikina Rotary Youth Center
Sumulong Highway, Sto. Niño, Marikina City

**"TIMPALAK SA PAGSULAT AT PAGBIGKAS 2018"**

Petsa __________

## PAGSANG-AYON SA PAGLAHOK

Sa Samahang Rotaryo ng Marikina,

Ang aming Mataas na Paaralan ay buong-pusong tinatanggap ang inyong paanyaya na lumahok sa "Timpalak sa Pagsulat at Pagbigkas". Katulad ng inyong hinihiling, ang lahat ng mga mahahalagang bagay tungkol sa aming mag-aaral na kinatawan sa timpalak ay nakasulat sa ibaba:

PANGALAN NG PAARALAN ________________________ TELEPONO __________

PANGALAN NG KINATAWAN ______________________________________________

TAHANAN __________________________________________ TELEPONO __________

PANGALAN NG MAGULANG ____________________ ____________________
(Ina) (Ama)

ANTAS SA PAARALAN ___________________________ GULANG ______________

PANGALAN NG GURONG TAGAPAYO ___________________________________

TELEPONO NG TAGAPAYO ____________________________

______________________________ ______________________________
(Lagda ng Mag-aaral) (Lagda ng Tagapayo)

PAALALA :
Ipadala po lamang ang Pagpapatunay ng Punong-Guro na ang Mag-aaral ay nag-aaral sà inyong paaralan sa tanggapan ng :

Rotary Club of Marikina
Marikina Rotary Youth Center
Sumulong Highway, Sto. Niño,
Marikina City
Tel. No. 942-3720 (Jean Josef)

bago dumating ang ika 3 ng Agosto 2018.